Dalhin ninyo ang damit kong ito kay Abe Jahm at dalhin ninyo sa akin ang makapal na damit ni Abe Jahm,sapagkat nakaabala ito sa akin kanina sa aking pagdarasal

Ayon kay `Ā'ishah, malugod si Allah sa kanya-Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdasal sa damit na may iba`t-ibang kulay,napatingin siya sa iba`t-ibang kulay nito,at nang siya ay umalis,siya ay nagsabi: ((Dalhin ninyo ang damit kong ito kay Abe Jahm at dalhin ninyo sa akin ang makapal na damit ni Abe Jahm,sapagkat nakaabala ito sa akin kanina sa aking pagdarasal)) At sa isang salaysay: ((Ako ay tumitingin sa mga kulay nito habang ako ay nasa pagdarasal,kaya`t nangangamba ako na maakit ako nito))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagbigay ng regalo si Abu Jahm sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng isang damit na may iba`t-ibang kulay at palamuti,at kabilang sa napakabuting pag-uugali niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang tanggapin niya ang regalong ito na napipilitan dahil sa mararamdamang [hinanakit] ng nagbigay ng regalo,Kaya tinanggap niya ito-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-mula sa kanya-at ginamit niya ito sa pagdarasal,at dahil sa ito ay may iba`t-ibang kulay at palamuti [kung saan] ay nauugnay rito ang paningin,naging abala [ito sa kanya] -pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa buong pamamalagi niya sa pagdarasal,kaya`t ipinag-utos niya sa kanila na ibalik ang damit na ito na nagtataglay ng iba`t-ibang kulay sa nagbigay ng regalo na si Abu Jahm, At upang hindi magkaroon ng hinanakit sa puso ni Abe Jahm dahil sa pagpapabalik ng regalo,at upang mapanatag ang puso nito,ipinag-utos niya sa kanila na dalhin sa kanya ang makapal na damit ni Abe Jahm,kung saan ay walang nailagay ritong iba`t-ibang kulay at mga palamuti

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/10882